
4

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:

### Pang-unawa sa Kapuwa ang Ilaan, sa Kanilang Kalagayan at Pangangailangan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan –Modyul 2: Pang-unawa sa Kapuwa ang Ilaan, sa Kanilang Kalagayan at Pangangailangan**
**Unang Edisyon, 2019**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176**na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim:
Pangalawang Kalihim:

**Mga Bumuo ng ADM Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Israel C. Adrigado |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Contact: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan- Modyul 2 : Pang-unawa sa Kapuwa Ang Ilaan, sa Kanilang Kalagayan at Pangangailangan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Amg modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro /Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong, o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang amagit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. umamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay. Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

May pagkakataon na ang tao ay masaya, subali't meron ding oras na nakakaramdam din siya ng kalungkutan dahil sa mga pangyayaring hindi natin inaasahan. Dito masusukat ang iyong kakayahan na magpaabot ng iyong pang-unawa sa pinagdadaanan ng iyong kapuwa sa oras ng kanyang pangangailangan, materyal man o di –materyal na bagay.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan na ikaw ay:

-Nakapagbahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapuwa.

## *Subukin*

Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang OPO kung ito ay nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan o pangangailangan ng kapuwa. Isulat naman ang HINDI PO kung ito ay walang pang-unawang naipakita. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

______1. Tinitingnan lang ni Elias ang kaniyang kaklase na kanina pa umiiyak.

______2. Nilapitan ni Karla ang kapuwa niya mag-aaral na kanina pa pabalik-balik at tinanong kung ano ang hinahanap nito.

______3. Inaamo at pinapatahan ni Romer ang bunso niyang kapatid na hindi isinama ng kanilang nanay sa pagpunta nito sa Maynila.

______4. Dumalaw ang magkaibigang Melissa at Zamantha sa burol ng ama ng kanilang kaklase na si Hilda.

______5. Napaluha si Gng. Melba sa nakakaiyak na kuwento ng karanasan ni Liza na napalayo sa kanilang pamilya dahil sa pagtatrabaho nito sa ibang bansa.

# Aralin 1 Pang-unawa sa Kapuwa ang Ilaan, sa Kanilang Kalagayan at Pangangailangan

Ano ang nadarama mo kapag may nakikita kang taong walang makain, walang tirahan o kaya'y nahihirapan dahil sa kapansanan?

Marahil ikaw ay nakadama ng awa sa kanila. Nagnais ka ba na sila ay matulungan?

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo na maibahagi kung paano mo naunawaan ang kalagayan ng iyong kapuwa at ang ginawa mong pagtugon sa kanilang sitwasyon.

## *Balikan*

Tingnan ang *puzzle.* Hanapin ang sampung mahahalagang salita na natutuhan mo sa nakaraang aralin na nagpapakita ng magagandang kaugalian ng isang batang Pilipinong katulad mo. Isulat ang sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | B | A | I | T | A | M | K | A | B | D | E | K | M |
| A | M | L | A | M | B | B | A | A | S | H | T | *S* | A | A |
| A | A | D | N | P | Z | K | P | W | T | K | L | *O* | G | H |
| L | S | W | G | L | B | M | A | A | G | L | M | *R* | U | I |
| A | U | I | K | O | M | P | G | B | E | Y | K | *R* | N | N |
| L | N | L | O | W | E | D | B | C | B | G | P | *Y* | A | A |
| A | U | I | P | D | W | C | I | D | W | V | O | W | K | H |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | R | G | F | C | M | A | G | A | L | A | N | G | I | O |
| A | I | A | D | F | V | G | A | B | E | P | X | A | K | N |
| N | N | N | E | A | N | M | Y | K | U | I | J | S | I | K |
| I | N | A | K | I | K | I | R | A | M | A | Y | Y | I | P |
| N | W | R | T | U | J | N | I | A | W | A | A | M | S | W |
| M | A | T | U | L | U | N | G | I | N | S | A | T | A | H |



## ***Tuklasin***

Basahin at unawain ang maikling kuwento. Sagutin ang mga tanong pagkatapos. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

Simpatiya Ko, Ipaparamdam at Ibibigay sa Iyo

*Isinulat ni Agnes D. Nocos*

Oras ng *recess,* abala sa pagpila sa kantina sina Marites at Helen. Napansin nila na hindi lumabas ng silid-aralan si Marta na noon ay umiiyak. Nilapitan ito ni Marites at pinauna na si Helen sa pagpunta sa kantina. "Anong nangyari, bakit ka umiiyak"? Tanong ni Marites. Matagal bago nagsalita si Marta na noo'y nagda-dalawang isip pa kung sasabihin niya dito ang dahilan ng kaniyang pag-iyak o hindi. "Namatay kasi ang lola ko kagabi, sobrang lungkot ko lang kasi hindi ko akalain na sa ganoong paraan siya mamamatay". " Atake sa puso ang ikinamatay niya". "Hindi ako sanay na wala siya". "Siya ang nag-aalaga sa akin, nagtitimpla ng gatas ko bago matulog at siya din ang nagtuturo sa akin sa aking pag-aaral," ramdam ni Marites ang lungkot na nararamdaman ni Marta. " Ganoon talaga, hindi natin hawak ang panahon." Ni hindi natin alam kung kailan tayo mamamatay. Marahil, kinuha na ng Diyos ang lola mo dahil ayaw niya na itong mahirapan pa. 'Tama na yan halika na, pumunta na tayo sa kantina."

Sa pagkakataong iyon ay gumaan ang pakiramdam ni Marta at tumayo na ito para sumama kay Marites papuntang kantina."

Salamat Marites, kahit papaano ay may napag-kuwentuhan ako ng aking nararamdamang labis na pagkalungkot sa pagkamatay ng lola ko. " Walang anuman Marta, basta tandaan mo, kapag may problema ka, huwag kang magda-dalawang-isip na magkuwento sa akin". " Lagi mong tatandaan na naririto lang ako para sa iyo". "Sabay na tayong umuwi mamaya ha, hintayin mo ako. " Sige hihintayin kita Marites".

1. Ano ang naging reaksyon ni Marites nang makita niya si Marta?
   A. Hindi niya ito pinansin
   B. Kinalabit niya ito at niyayang pumunta sa kantina
   C. Nilapitan niya ito at tinanong kung bakit hindi siya pumunta sa kantina
   D. Binigyan niya ito ng pera dahil alam niyang wala na naman itong baon

2. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Marites para kay Marta?
   A. galit
   B. kasiyahan
   C. pagka- lungkot
   D. pagka-awa

3. Lahat ng mga sumusunod na katangian ay ipinakita ni Marites, maliban sa isa. Alin ito?
   A. Handa siyang makinig sa kuwento ni Marta
   B. Nagpakita siya ng pakikiramay kay Marta
   C. Naunawaan niya ang nararamdaman ni Marta
   D. Hinayaan niya lang na umiyak sa isang tabi si Marta

4. Sa pag-uusap na iyon nina Marites at Marta, ano sa palagay mo ang pangangailangan ni Marta na dapat maibigay sa kanya sa mga oras na iyon?
   A. Mapagbabahaginan ng kanyang nararanasan at nararamdaman sa mga oras na iyon
   B. Pera para sa pagpapalibing ng kanyang lola
   C. *Cellphone* para maibalita niya sa kamag-anak ang pagkamatay ng kanyang lola

D. Wala siyang kailangan kay Marites

5. Kung ikaw si Marites ano ang sasabihin mo kay Marta upang maibsan ang lungkot na nararamdaman nito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## *Suriin*

Iba-iba ang nangyayari sa buhay ng isang tao. May mga nakararanas ng kahirapan, kalungkutan at kabiguan. Mayroon ding nakararanas ng tagumpay at kasiyahan. Anuman ang nangyayari, nararanasan o pinagdaraanan ng isang tao sa kaniyang buhay ay naipakikita ito sa kaniyang kilos. Maaari itong makaapekto sa pakikitungo niya sa kaniyang kapuwa. Kung siya ay nalulungkot, marahil siya ay umiiyak. Ang iba ay nanghihina dahil sa gutom, o nagagalit dahil sa nangyari sa kanila. Mayroon namang tahimik lamang at hindi kumikibo kahit maingay ang kaniyang paligid.

May nakahalubilo ka ba na ganito ang kanilang naging kilos? Ano ang iyong naging reaksiyon?

Ikaw, bilang bata, ay nakaranas din marahil ng malungkot at masayang pangyayari sa buhay. Nakadama ka rin ng tuwa, galit o marahil ay umiyak dahil dito. Dahil naranasan mo rin ang ganitong sitwasyon, inaasahang mauunawaan mo ang kalagayan, maging ang pangangailangan ng iyong kapuwa. Tinatawag itong pagpapakita ng *simpatiya* sa ating kapuwa. Halimbawa, hindi kailangang galit ka rin kung may nagagalit sa kasapi ng iyong pamilya. Bagkus ay alamin at unawain mo ang kanilang damdamin at ang kanilang dahilan.

Bahagi ng pakikipag-kapuwa ang maging sensitibo sa kanilang kalagayan at pangangailangan. Mahalagang tingnan hindi lang ang kanilang kilos kundi pati na rin ang sanhi o dahilan nito. Sa ganitong paraan magiging malawak ang iyong pang-unawa sa kanilang sitwasyon at higit na matutugunan ang kanilang pangangailangan.

## *Pagyamanin*

Ang mga gawain dito ay mas lalong magpapatibay sa iyong mga pag-unawa at kasanayan tungkol sa pagbahagi ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/pangangailangan ng kapuwa.

**Gawain 1**

Kopyahin ang kolum 2 ng tsart na nasa ibaba at isulat dito ang angkop na tugon sa damdamin na nakasulat sa unang kolum. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

| **Damdamin ko mula sa aking kapuwa** | **Gagawin ko bilang pagtugon sa nararamdaman ng aking kapuwa** |
|---|---|
| Hal.<br>Masakit sa aking kalooban na makitang wala nang matitirhan ang aming kapitbahay dahil sa pananalasa ng malakas na bagyo. | pakikiusapan ko si nanay na tulungan ang aming kapitbahay sa abot ng aming makakaya. |
| 1. Masaya ako sa pagkakapanalo ng aking kalaro sa *singing contest.* | |
| 2. Nalungkot ako para sa aking kaibigan dahil napalo siya ng kaniyang nanay. | |

| | |
|---|---|
| 3. Nagalit ako sa aking pinsan sa pagsuntok niya sa kaklase ko. | |
| 4. Nag-alala ako nang makita ko ang aking kapatid na nasa itaas ng puno ng santol. | |
| 5. Nagulat ako nang malaman ko na nagka- *COVID- 19* ang lola ng aking kalaro. | |

**Gawain 2**

Balikan ang isang pangyayari/ karanasan na naantig ang iyong damdamin sa kalagayan ng iyong kapuwa. Ibahagi ang iyong naging damdamin at ang iyong ginawa sa sitwasyon sa pamamagitan ng pagsulat nito sa iyong kuwaderno, dyornal o sagutang papel.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## *Isaisip*

Panuto: Markahan ng tsek ( / ) ang kahon ng pangungusap sa bawat bilang kung ito ay naranasan mo nang gawin sa iyong kapuwa at ekis ( X ) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

☐ 1. Handa akong dumamay sa oras ng kalungkutan ng aking kaibigan.

☐ 2. Hihikayatin ko ang aking mga kaibigang nakakaangat sa buhay na mag-*donate* sa mga nangangailangan sa oras ng kalamidad o sunog.

☐ 3. Mataas ang bahay namin at mababa lang ang bahay ng aming kapitbahay, kaya iimbitahin ko sila na tumuloy muna sa amin upang hindi sila bahain sa malakas na bagyong darating.

☐ 4. Ayaw kong maistorbo kaya wala akong pakialam kung umiiyak ang aking kaibigan dahil namatay ang tatay niya.

☐ 5. Hindi ko tinularan ang mga kabitbahay namin na nangutya sa isa naming kapitbahay na nagkaroon ng sakit na *COVID-19*. Bagkus ay nalungkot ako sa kanilang sinapit.

Ano ang iyong naramdaman sa pagbabahagi mo ng iyong oras, panahon o tulong pinansiyal man sa mga taong iyong natulungan?

## *Isagawa*

Batay sa iyong karanasan at kakayahan, ano ang nais mong magawa para sa iyong kapuwa upang maipadama na nauunawaan mo ang kaniyang/kanilang kalagayan. Ano ang iyong gagawin bilang pagtugon sa kaniyang pangangailangan? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## *Tayahin*

Iguhit ang masayang mukha ( ) ☺ sa bilang ng sitwasyon na nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan o pangangailangan ng kapuwa at malungkot na mukha ☹ ( ) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

______1. Aalukin ko ng tubig ang tila uhaw na uhaw nang matandang ale na napadaan sa aming bahay.

______2. Pakikinggan ko ang malungkot o masayang kuwento ng kaibigan kong si Berto.

______3. Naalala niya ang magandang pakikitungo sa kaniya ni Mang Tomas noong minsan siyang tumulong sa bukid, at ito ay kaniyang ipinagpapasalamat.

______4. Napilitan lamang si John na magbigay ng donasyon sa mga biktima ng baha sa kabilang baranggay.

______5. Naramdaman ko noon ang sobrang kalungkutan sa pagkakaroon ng *COVID-19* ng nanay ng aking kaibigan.

## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng ulap sa iyong kuwaderno o sagutang papel. Kompletuhin ang talata na nasa loob nito para mabuo ang isang panalangin.

Aming mahal na Panginoon, tulungan mo po ang mga taong nawawalan ng pag-asa sa buhay. Bigyan mo po sila ng lakas ng loob na ________________

__________________________________

__________________________________.

*Ngayong alam mo na kung paano mo ipakikita ang iyong pang-unawa sa kalagayan at pangangailangan ng iyong kapuwa, pagyamanin mo ito at ipagpatuloy ang mabuting gawi. Isa kang huwarang mag-aaral na dapat tularan.*

# Susi sa Pagwawasto

**_Subukin_**

1. HINDI PO
2. OPO
3. OPO
4. OPO
5. OPO

**_Balikan_**

1. MABAIT
2. MAPAGBIGAY
3. MATULUNGIN
4. MAHINAHON
5. *SORRY*
6. MAGALANG
7. MAALALAHANIN
8. NAKIKIRAMAY/NAKIKIISA
9. MAAWAIN
10. MASUNURIN

**_Tuklasin_**

1. C
2. C/D
3. D
4. A
5. maaaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral sa gawaing ito

**_Pagyamanin_**

**_Gawain 1_**

- maaaring magkakaiba ang sagot na isinulat ng mga mag-aaral sa kolum 2

**Gawain 2**

maaaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral sa gawaing ito

**_Isaisip_**

- maaaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral sa gawing ito

**_Isagawa_**

- maaaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral sa gawaing ito

**_Tayahin_**

1.
2.
3.
4.
5.



***Karagdagang Gawain***

- maaaring magkakaiba ang sagot o idudugtong na mga salita ng mga mag-aaral para mabuo ang panalangin

# ***Sanggunian***


K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum, Mayo 2016

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral 2015

https://www.google.com/search?q=halimbawa+ng+kuwento+tungkol+sa+pagbabahagi+ng+karanasan

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph